# Batas na LIFT the BAR, ika-119 na Kongreso

## MGA PUNTO SA PAKIKIPAG-USAP NG TAGAPAGTAGUYOD NG KOMUNIDAD

Kapag nakikipag-usap ka sa media o mga mambabatas, gamitin ang mga puntong ito bilang gabay. Magiging mas mabisa ang iyong mensahe kung magdadagdag ka ng **personal na kuwento** tungkol sa kung paano naaapektuhan ng mga batas na ito ang mga totoong tao sa iyong buhay.

## Nakakapinsala sa mga pamilya ang mga pagbawas noong nakaraang taon

Noong nakaraang taon, isang bagong batas sa badyet (H.R.1) ang nagtanggal sa tulong para sa maraming imigranteng legal na naninirahan dito. Dahil sa mga pagbawas na ito, mawawalan ng insurance sa kalusugan ang 1.4 na milyong tao, at milyon-milyon naman ang mawawalan ng access sa SNAP.

- **Ang Pagpipilian:** Maraming nagtatrabahong pamilya na ang kailangang mamili kung bibili ba ng grocery, magbabayad ng gasolina, o magpapatingin sa doktor.
- **Ang Epekto sa mga Bata:** Sa U.S., 1 sa 4 na bata ang may imigranteng magulang. Mga mamamayan ng U.S. ang karamihan sa mga batang ito (85%), ngunit ang pagkawala ng access ng kanilang mga magulang ay nangangahulugan na maaari din silang mawalan ng access.
- **Ang Resulta:** Kapag hindi kayang bayaran ng mga magulang ang doktor o pagkain, agad na naaapektuhan ang kalusugan at pag-unlad ng milyon-milyong batang Amerikano.

***Ang Gagawin Mo:*** *Magbahagi ng maikling kuwento tungkol sa isang pamilya sa iyong komunidad na nahihirapang balansehin ang pangangalagang pangkalusugan at mga pangunahing pangangailangan.*

## Pinuntirya ng H.R.1/"OBBBA" ang mga refugee, nakaligtas sa krimen, at ulila.

Tinanggal ng mga pagbawas noong nakaraang taon ang tulong para sa mga taong higit na nangangailangan nito, kabilang ang mga refugee, nakaligtas sa karahasan sa tahanan, at batang nawalan ng mga magulang.

- **Walang Katuturan:** Pumunta ang mga taong ito sa U.S. para sa kaligtasan. Malupit ito at salungat sa ating mga pinahahalagahan na tanggalin ang tulong para sa mga taong tumatakas sa karahasan o krimen.
- **Ang "Limang-Taong Paghihintay (Five-Year Bar)":** Isang tuntunin mula pa noong 1996 ang nag-aatas na maghintay ng **limang taon** ang mga taong may green card bago

sila makatanggap ng anumang tulong. Pinalalala pa ng mga bagong pagbawas ang "panahon ng paghihintay" na ito at ginawa itong mas mahirap.

- **Ang Katotohanan:** Isipin ang isang 5 taong gulang na may hika na hindi pinapayagang makatanggap ng tulong medikal hangga't hindi siya nagiging 10 taong gulang. O isang pamilyang nagugutom na sinabihan na kailangan nilang maghintay ng limang taon bago sila makakuha ng tulong para sa mga grocery.

  ***Ang Gagawin Mo:*** *(Magbahagi ng impormasyon tungkol sa iyong pamilya, o sa iyong komunidad)*

## Ang LIFT the BAR ay isang simpleng solusyon

Ang **Batas na LIFT the BAR** ay isang bagong panukalang batas na lumulutas sa mga problemang ito. Isa itong direktang paraan para suportahan ang ating mga kapitbahay.

- **Ibinabalik ang Tulong:** Ibinabalik ng panukalang batas na ito ang access sa pangangalagang pangkalusugan at mga programa ng pagkain para sa mga refugee, nakaligtas sa karahasan, at iba pang imigranteng legal na naninirahan dito.
- **Tinatapos ang Paghihintay:** Inaalis nito ang "limang taong paghihintay." Nangangahulugan ito na hindi na kailangang maghintay ang mga tao ng maraming taon para sa mga pangunahing programa tulad ng Medicaid (insurance sa kalusugan) o SNAP (mga food stamp).
- **Sinusuportahan ang Mas Maraming Tao:** Tinitiyak nito na makakakuha ang mga taong may DACA o TPS ng pangangalagang medikal at suporta na kailangan nila para manatiling malusog at patuloy na makapagtrabaho.

***Ang Gagawin Mo:*** *Ipaliwanag kung bakit ang pagpapasa ng batas na ito ay makakatulong para maging mas matatag at mas makatarungan ang iyong komunidad.*